

TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT

PANGANGASIWA SA TUBIG SA MAL RIVER CATCHMENT



Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa namiminang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.

ANG AMING PANGAKO SA PANGANGASIWA NG MAL RIVER CATCHMENT

Nauunawaan ng SMI na ang dekalidad na tubig ay importante sa para mga lokal na komunidad. Bilang bahagi ng aming pagpapalano, kami ay namuhunan sa mga pag-aaral upang pag-aralan ang mga potensyal na epekto ng aming pinaplanong mga gawain sa tubig na kasalukuyang ginagamit ng komunidad. Inihanda namin ang mga estratehiya sa pangangasiwa sa tubig upang matiyak na maprotektahan ang kalidad at suplay nito.

Ang aming estratehiya ay base sa 15 taon ng pag-monitor at pag-aaral sa kalidad at suplay ng tubig sa loob ng project area upang makakalap ng sapat na baseline data. Nakipag-ugnayan din kami sa mga lokal na residente upang tumulong sa water sampling at monitoring.

Naiintindihan namin na may mga stakeholders na nangangamba sa paghost ng mga pasilidad ng minahan sa kanilang lugar. Isinagawa ang detalyadong pag-aaral at pagpapalano upang matiyak na ang kalidad at suplay ng tubig sa Mal River catchment ay hindi negatibong maaapektuhan.

ANG AMING PLANO SA PANGANGASIWA SA DALOY NG TUBIG SA MAL RIVER CATCHMENT

Isa sa mga importanteng pasilidad na itatayo ay ang freshwater dam (FWD) na may kapasidad na mag-imbak ng 215,000 megaliters. Ito ay makakatulong upang magpondo ng tubig (flood harvesting), sa panahon ng tag-ulan, na sobra kaysa sa pinakamataas na pangangailangan ng komunidad sa ibabang bahagi ng Mal River catchment. Maaaring maging sanhi ng pagbaha ang sobrang tubig kapag hindi mapondo sa dam.

Sa panahong ang daloy ng tubig sa ilog ay mababa sa kasalukuyang pinakamataas na pangangailangan ng mga irrigators, ang minahan ay hindi na kukuha ng tubig galing dito. Idi-disenyo at patatakbuhan ang FWD upang matiyak na hindi mabago ang pre-mine na daloy ng tubig sa Mal River.

Ang FWD ay idinisenyo na pwedeng patuloy na mag-operate kahit tapos na ang mina.

Bilang resulta, ito ay maaring makapagbigay ng oportunidad sa mga lokal na irrigators at mga magsasaka na nasa ibaba, gaya ng:

- Dagdag na kahusayan sa produksyon ng bigas at kita ng mga magsasaka
- Malaking pagbaba ng mga negatibong epekto dala ng mahahabang panahong walang suplay ng tubig
- Dagdag na katiyakan sa suplay at distribusyon ng tubig.

PANGANGALAGA SA KALIDAD NG TUBIG

Nangangako kami na tiyaking ang anumang tubig na ilalabas mula sa mine site ay angkop sa kasalukuyang gamit nito at alinsunod sa mga regulasyon ng pamahalaan. Kasama sa aming komprehensibong estratehiya ang mga sumusunod:

- Pagtatayo ng international-standard water treatment plants upang matiyak na ang tubig ay angkop sa lahat ng kasalukuyang gamit nito at hindi makakaapekto sa kapaligiran
- Pag-iimbak ng waste water sa tailings storage facility (TSF) at pag-recycle nito para sa proseso ng minahan
- Pagitiyak na ang tubigulan na lumapat sa anumang bahagi ng minahan o processing area ay ihihiwalay mula sa sariwang tubig na maaring direktang i-release
- Pagtatayo ng downstream seepage collection dams upang makolekta ang anumang seepage upang linisin sa water treatment plant o ibalik sa main storage facility.




PAGKUHA NG PAYO MULA SA MGA INDEPENDENT EXPERTS

Bahagi ng aming EIA ang pag-aaral sa tubig. Nakapaloob dito ang akmang mga plano upang maiwasan o mapagaan ang mga negatibong epekto, lalong mapabuti ang mga positibong epekto. Tinitiyak nito na masunod ang mga regulasyon ng pamahalaan.

Bilang bahagi ng aming malawakang proseso ng pagpapalano, nakipagtulungan kami sa mga Filipino at international experts upang magsagawa ng mga environmental studies at makilahok sa mga konsultasyon sa aming stakeholders.

KINALALAGYAN NG TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT



MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pag-aalala at katanungan tungkol sa aming pinaplanong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo at EIA.



External Relations Unit
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)
02 8563021 (Makati)
083 5548414 (General Santos)
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph

MGA KADALASANG KATANUNGAN

Paano ninyo pangangasiwaan ang tubig sa panahon ng konstruksyon at bago itayo ang freshwater dam?

Best practice construction standards ang aming susundin upang tiyak na walang lalabas na kontaminadong tubig galing sa site. Gagamit kami ng diversions upang mabawasan ang anumang pagkagambala sa natural na daloy sa Mal River habang itinatayo ang TSF at FWD. Kukuha kami ng permiso mula sa gobyerno kung gagamit ng tubig para sa konstruksyon. Magpapatuloy din kami sa pagmonitor at pag-sample sa kalidad at suplay ng tubig sa kabuuan ng konstruksyon.

Ano ang mangyayari matapos isarado ang minahan?

Patuloy ang water treatment kahit sarado na ang minahan. Magpapatuloy din ang pag-monitor at pangangasiwa sa tubig hanggang sa matapos ang rehabilitasyon at pagsara ng seepage catchment dams. Naniniwala kami na ang tubig galing sa TSF ay maaari nang i-release na hindi dumadaan sa water treatment sa ika-10 taon matapos ang pagsara ng minahan.

Ang minahan ba ay magdudulot ng pagbaha?

Napag-alaman sa aming mga pag-aaral bilang bahagi ng EIA na walang makabuluhang epekto ang minahan sa pagbabaha sa ibabang bahagi ng project area. Sa katunayan, ang aming FWD ay maaari pang makatulong upang maiwasan ang pagbaha.

Mayroon bang seepage mula sa minahan?

Ang anumang seepage ng tubig sa eastern portion ay mapapangasiwaan sa pamamagitan ng seepage collection dams at water treatment facility upang matiyak na ang anumang tubig na lalabas mula sa site ay angkop sa mga kasalukuyang gamit nito.

MGA BENEPISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Sa pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay maaaring makapagdulot ng mas magandang kinabukasan para sa southern Mindanao. Kung matutuly, ang Tampakan Project ay makapaglikha ng mga benepisyong makapagpapasigla sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Kabilang sa mga benepisyo na maaaring mapunta sa rehiyon ang mga sumusunod:

- Taunang kontribusyon na Php1.34 bilyon¹ (average) sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas magmula sa konstruksyon hanggang matapos ang pagmimina - katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa
- Kabuang kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) mula sa buwis at bayarin na humigit-kumulang Php307 bilyon² (nominal) sa kabuang operasyon ng pagmimina
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa Php39.8 bilyon³ (nominal) para sa mga lokal na katutubong grupo at lokal na komunidad sa kabuang operasyon ng pagmimina
- Direktang trabaho para sa humigit-kumulang 10,000 manggagawa sa konstruksyon at 2,000 manggagawa sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista at kumpanya na syang magbibigay ng karagdagang oportunidad para sa trabaho.

¹USD2.8 bilyon. ²USD6.4 bilyon. ³USD830 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = Php48). Disclaimer: Ang laman nitong dokumento ay wasto base sa pagkaka-alam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).